


GABAY SA PANG ARAW- ARAW NA PAMUMUHAY

FUJIMINO CITY

2026年8月更新



旧大井村役場庁舎



福岡河岸記念館

Lunsod ng Fujimino, Mapa na Gabay sa Pamumuhay
〈Mga Pampublikong Pasilidad〉
Mga seksyon ng city hall at kani-kanilang mga gawain

目次

Mga Nilalaman

Pamumuhay sa Japan

日本で生活するために 2

Rehistrasyon bilang Dayuhang Residente

在留管理・住民登録 4

Rehistrasyon ng inyong Seal at iba pang mga Dokumento

印鑑登録・各種届出 8

Pang araw-araw na Pamumuhay

日常生活 12

Telepono 電話 12

Kuryente at Gaas 電気・ガス 12

Serbisyong Tubig 水道 13

Serbisyong Koreo 郵便局 14

Banko 銀行 15

Pabahay 住宅 15

Impormasyong Medikal 医療 16

Pagtapon ng Basura ごみの出し方 17

Konsehal ng Bayan, Asosasyon ng komunidad at Asosasyon ng magkakapitbahay (Chokai, Jichikai, Chonakai) 自治組織(町会・自治会・町内会) 22

Mga Batas Trapiko

交通 23

Buwis

税金 26

National Health Insurance

国民健康保険 28

Welfare at Suportang medikal

福祉医療 32

National Pension Plan

国民年金 35

Tanggapan ng Welfare

福祉事務所 36

Konsultasyon ng mga Mamamayan

市民相談 38

Para sa Pangkalusugan

健康づくり 43

Pangangalaga sa mga Bata at Day Care Centers

児童の福祉・保育 49

Edukasyon Pormal

学校教育 56

Pasilidad para sa Social Education

社会教育施設 59

Pamublikong Aklatan 図書館 59

Museums 資料館等 61

Pasilidad para sa sports at pang-kultura at mga pagpupulong sa komunidad

スポーツ施設・文化施設・コミュニティ施設 62

Gymnasiums 体育館等 62

Mga Parke

公園 65

Mga kailangang gawin kung may emerhensya

緊急事態の対処方法 67

Paghahanda para sa kalamidad

大きな災害が起きたら 70

Mga evacuation sites ng mga distrito

地域の避難場所 72

Mga pampublikong pasilidad

公共施設 74

Mga Klinika at Ospital

医療施設一覧 80

Lungsod ng Fujimino, Mapa na Gabay sa Pamumuhay

ふじみ野市生活ガイドマップ

Mga Pampublikong Pasilidad 公共施設

Mga seksyon ng city hall at kani-kanilang mga gawain 市役所フロアガイド、業務内容

※Kung tatawag mula sa mobile phone, lagyan ng "049" bago ang numero ng telepono. (049-●●●-●●●●) 携帯電話から電話する場合は、頭に「049」を付けてください。

Pamumuhay sa Japan



日本で生活するために

ふじみ野市は、市民の皆さんが安心して、快適に暮らせるまちづくりをめざしています。住民登録、婚姻、出生、税金、ごみ、健康保険、子育て、教育、福祉など、皆さんの日々の生活と深い関わりをもった仕事をしています。何か困ったこと、聞きたいこと等がありましたら、直接、関連部署に電話するか窓口へ行ってお尋ねください。

なお、ことばが通じない場合や、どこで尋ねたら良いのか分からない場合は、市全体の国際化事業を推進している協働推進課までおいでください。

◆問い合わせ

・ふじみ野市協働推進課
Tel. 262-9016

■生活相談

ふじみ野市では外国籍市民のための生活相談を行っております。相談に当たっては、プライバシーに十分配慮し、秘密は厳守いたします。

日本語が話せなくても、次の言語で対応いたしますのでお気軽にご相談ください。

<対応言語>

原則として、英語、中国語、ヒンディー語、ネパール語、フィリピン語、韓国語

必要に応じてベトナム語、ウルドゥー語、スペイン語、ポルトガル語、フランス語、インドネシア語等

受付時間：月～金曜日 10:00～16:00

◆問い合わせ

・ふじみの国際交流センター
ふじみ野市上福岡 5-4-25
Tel. 269-6450

Sa Fujimino City, tayo ay naghahangad ng isang lungsod kung saan ang bawat isa ay makapamumuhay ng tahimik at maayos. Ginagawa namin ang lahat ng aming makakaya para mapunuan ang mga pangangailangan sa pang-araw-araw na pamumuhay gaya ng: pagparehistro bilang residente, kasal, panganganak, buwis, pangongolekta ng basura, health insurance, child care, edukasyon, welfare at iba pa.

Kung kayo ay may tanong o problema, huwag mag-atubiling tumawag o pumunta sa city hall o sa kinauukulang tanggapan. Gayundin kung hindi marunong ng Nihonggo, magtungo lamang sa Kyodo Suishin-ka, na syang namamahala sa mga may kaukulan sa kooperasyon at pang-kultura at internasyonal na mga gawain.

◆Katanungan:

・Kyodo Suishin-ka, Fujimino-shi
Tel 262-9016

■Konsultasyon ukol sa pang-araw-araw na pamumuhay

Konsultasyon ukol sa araw-araw na pamumuhay ng mga banyagang residente ay bukas sa FICEC, Fujimino-shi. Ang sinumang hihingi ng payo ay makakasiguro ng kompidensiyal at pribadong pag-uusap.

Kung hindi marunong ng Nihonggo, maaaring magkonsulta sa mga sumusunod na banyagang lengguaheng sumusunod.

<Mga banyagang wika>

Sa pangkaraniwan ay may tagasalin sa English, Chinese, Hindi, Nepali, Filipino, Korean

Kung kinakailangan ay maaring maki-usap para sa tagasalin sa wikang Vietnamese, Urdu, Spanish, Portuguese, French, Indonesian

Pagtanggap ng konsultasyon: Lunes~ Biernes 10:00~16:00

◆Katanungan:

・Fujimino International Cultural Exchange Center
Address: 5-4-25, Kamifukuoka, Fujimino-shi
Tel. 269-6450

■日本語教室

日本語の勉強ができます。お金はかかりません。ぜひお越しください。

・日本語教室（ふじみの国際交流センター）

月・木曜日10:00～11:30

◆問い合わせ

・ふじみの国際交流センター

Tel. 269-6450

・にほんご教室、こどもにほんご教室（ステラ・イースト）

水・日曜日10:00～11:30

◆問い合わせ

・ふじみ野市社会教育課

Tel. 266-9501

■Pag-aaral ng Nihonggo

Maaari kayong mag-aral ng Nihongo dito. Libre ito. Halina't magsama-sama tayo.

・Mga Klase sa Nihongo(Fujimino International Cultural Exchange Center)

Lunes, Huwebes: 10:00～11:30

◆Katanungan:

・Fujimino International Cultural Exchange Center

Tel. 269-6450

・Mga Klase sa Nihongo

Mga Klase sa Nihongo para sa mga Bata (Stella East)

Miyerkules at Linggo 10:00～11:30

◆Katanungan:

・Shakaikyoiku-ka, Fujimino-shi

Tel 266-9501

Rehistrasyon ng mga Dayuhang Residente



在留管理・住民登録

住民登録はさまざまな行政サービスを受ける上で必要な手続きです。

なお、法律が改正され、平成 24 年 7 月 9 日から外国人に関する登録の制度が変わりました。これにより、外国人登録法が廃止となり、各種手続の場所や内容が変わりましたのでご注意ください。

■在留管理制度・住民基本台帳制度

＜制度の概要について＞

○対象となる方

適法な在留資格を持ち、在留期間が 3 か月を超える方が対象です。

また、出生や国籍喪失による経過滞在者の方も対象となります。

なお、在留の資格のない方や「短期滞在」の方は、在留カードの交付を受けることができず、住民登録ができません。そのため、住民票の写しの交付を受けたり印鑑登録をしたりすることでもできませんのでご注意ください。

○在留カード又は特別永住者証明書の交付手続き

対象となる方が入国したときは、空港又は郵送により居住地にて在留カードが交付されます。

すでに在留している中長期在留者の方で外国人登録証明書をお持ちの場合、在留に係る許可に伴って出入国在留管理庁において在留カードが交付されます。

特別永住者の方の場合、特別永住者証明書が交付されます。交付場所については、これまでどおり市役所となります。

Rehistrasyon bilang residente ay kinakailangan upang kayo ay makatanggap ng mga pampublikong mga serbisyo at benipisyo.

Sa pagbabago ng sistema ng residency management mula noong July 9, 2012, ang dating alien registration system ay mapapawalang bisa. Kasama nito ang pagbabago sa mga nilalamang nakasaad gayundin ang pagbabago ng mga lugar ng pagpa-rehistro.

■Sistema ng pamamahala sa pananatili (Residency management system) at sistema ng rehistrasyon ng mga dayuhang residente

＜Tungkol sa bagong sistema＞

○Sino ang maaring magpa-rehistro bilang residente:

Sinuman na may ligal na pananatili o visa na mahigit pa sa 3 buwan, kasama din ang mga nanirahan sa bansa na dito ipinanganak subalit may iba nang nasyonalidad.

Sinumang walang ligal na pananatili o visa, o kaya ay maikli lamang ang visa na tinanggap ay hindi mai-isyuhan ng resident card at hindi din maitatala sa resident registration. Kung kaya't hindi sila makakakuha ng resident certificate at hindi din nila mai-rehistro ang kanilang seal o ink.

○Paraan ng pag apply ng Resident Card o Sertipikasyon para sa mga Special Permanent Residents

Kung kayo ay may ligal na pananatili o visa, maaring mai-isyuhan na kayo ng resident card sa airport o kaya ipapadala ito sa inyo sa pamamagitan ng koreo.

Para sa mid o long term residents na may alien registration certificate, ang resident card ay i-isyu ng Immigration Service Agency ayon sa ibinigay na permiso ng paninirahan.

Sa kaso ng mga Special Permanent Residents, kagaya ng nakagawiang sistema ay kailangang magtungo sa munisipyo para kumuha ng sertipikasyon ng Special Permanent Residence.

○住民票の写し

住民票の写しとは、これまでの外国人登録原票記載事項証明書に代わるもので、住所について公証するものです。中長期在留者の外国人の方も、日本人と同様に住民票に記載され、また日本人と外国人の混合世帯でも、世帯全員が記載された住民票の写しの交付を受けることができます。

なお、外国人登録原票記載事項証明書については、交付を受けることができません。

また、住民票の写しの広域交付ができるようになったので、住所地以外の市区町村でも、住民票の写しが取得できるようになりました。

<手続きについて>

○転出するとき

ふじみ野市から他の市区町村に引っ越し場合は、日本人と同様に、転出前または転出後 14 日以内に転出届をして、転出証明書の交付を受けてください。

○転入したとき

他の市区町村からふじみ野市に引っ越してきた場合は、転出証明書と在留カードまたは特別永住者証明書（まだ切り替えていない方は外国人登録証明書）を持参のうえ、転入後 14 日以内に転入届をしてください。

また、国外からふじみ野市に引っ越してきた場合は、在留カードと旅券を持参してください。

なお、家族で引っ越してきた場合は、家族関係を証する書類とその訳文（翻訳した日と翻訳者の氏名が記載されているもの）が必要になります。（転出証明書で家族関係が明らかにされている場合を除く）。

○Kopya ng Rehistrasyon bilang residente ay ibibigay.

Ang kopya ng rehistrasyon bilang residente ay maaring matanggap sa halip ng katibayan ng Alien Registration Card at ito ay ligal na nagpapatunay ng kasalukuyang address o tirahan. Ang mga dayuhang residente na may middle at long term visa ay kasama sa listahan ng rehistrasyon ng mga residente kagaya ng mga Hapon at maaaring kumuha ng kopya kung saan nakalagay lahat ng kasapi sa pamilya kasama ang dayuhang residente. Hindi na mag iisyu ng sertipikasyon ng rehistrasyon ng dayuhan (alien card) sa panimula ng bagong residency management system. Subalit dahil sa paglaganap ng pag-iisyu ng resident registration card ay maari nang makakuha ng kopya ng rehistrasyon hindi lamang sa sariling syudad kundi kahit sa ipang syudad o munisipalidad.

<Pamamaraan>

○Sakaling lilipat sa ibang bayan

Kung aalis sa Fujimino City at lilipat sa ibang bayan, kumuha ng sertipikasyon ng paglipat sa ibang bayan matapos magsumite ng notipikasyon ng paglipat bago umalis o 14 araw matapos magsumite ng notipikasyon ng paglipat bago umalis o 14 araw matapos lumipat katulad ng ginagawa ng mga Hapones na residente.

○Sakaling lilipat sa Fujimino City

Kung lilipat sa Fujimino City mula sa ibang bayan, makipag-ugnayan sa munisipyo dala ang sertipikasyon ng paglipat, resident card o katibayan ng special permanent resident (kung hindi pa napapalitan ng resident card, ang kard ng dayuhang rehistrasyon o alien card ay maaaring gamitin). Kailangang mag-file ng sertipikasyon ng paglilipat sa loob ng 14 araw.

Kung nangaling sa ibang bansa at lilipat sa bayan kagaya ng Fujimino City, dalahin lamang ang resident card at pasaporte sa pag-aaply sa city hall. Kung sakaling lilipat kasama ang pamilya, kailangang magpakita ng dokumento na nagpapatunay ng relasyon bilang kapamilya. (dokumento at kopya na nakasalin sa Nihongo na may petsa ng pagsalin at pangalan ng tagasalin). (Maliban lamang kung nakasaad na sa sertipikasyon ng pag-alis sa dating tirahan na kasama bilang ka-pamilya.)

○在留資格や期間、氏名や国籍等が変わったとき

在留カードの記載事項で住所以外の事項が変わった場合は、出入国在留管理庁での手続となります。変更手続後に市役所へ来ていただく必要はありません。

なお、住所が変わった場合は市役所での手続となります。

◆問い合わせ

・ふじみ野市市民課市民係

Tel. 262-9018

■特別永住者の方

特別永住者の方には、在留カードではなく特別永住者証明書が交付されます。特別永住者証明書に係る手続きはすべて市役所で行います。

○変更・訂正があったとき

住居地以外の登録事項（氏名・国籍等）に変更が生じた場合は、14日以内に申請をしなければなりません。

旅券、写真1枚（縦4cm×横3cm、6か月以内撮影）、特別永住者証明書、変更が生じたことを証明する書類を持参してください。

○特別永住者証明書の更新

有効期間満了日の2か月前から有効期間満了日までの間に更新申請をしなければなりません。

旅券、写真1枚（縦4cm×横3cm、6か月以内撮影）、特別永住者証明書を持参してください。

○Sa pagbabago ng resident status, tagal ng pananatili, pangalan, nasyonalidad at iba pa.

Maliban sa pagbabago ng address o tirahan, para sa iba pang pagpapalit ng impormasyon na nakasaad sa residence card, ay kailangang magsadya sa Immigration Service Agency at mag-apply para sa mga pagbabago. Hindi na kailangang pumunta sa city hall matapos ng pagpapalit sa imigrasyon. Subalit, sa pagpapalit ng address o tirahan kailangang pumunta at magsumite sa city hall.

◆Katanungan:

・Shimin- kakari, Shimin-ka, Fujimino Shi

Tel. 262-9018

■Special Permanent Residents

Ang mga dayuhang residente na may special permanent resident status ay hindi iisyuhan ng resident card. Kung kinakailangan ng kopya ng sertipikasyon ng kanilang rehistrasyon, sila ay maaring kumuha sa city hall.

○Kung may pagbabago o koreksyon

Kung may nais ipabago sa nakasaad sa sertipiko kagaya ng (pangalan, nasyonalidad o iba pa), maliban sa address o tirahan, magsadya lamang sa city hall at mag apply sa loob ng 14 araw. Dalahin ang pasaporte, 1 litrato (4cmx3cm na kuha sa loob ng 6 buwan), ang kopya ng sertipikasyon ng Special Permanent Residence, at dokumento na nagpapatibay ng ipapabago.

○Pagpa-renew ng Sertipikasyon ng Special Permanent Residence

Kinakailangang mag-apply para sa pagpa-renew ng Special Permanent Residence mula 2 buwan bago matapos ang ekspirasyon. Dalahin ang pasaporte, 1 litrato (4cmx3cm na kuha sa loob ng 6 buwan, at ang sertipikasyon ng Special Permanent Residence.

○特別永住者証明書をなくしたとき

特別永住者証明書を紛失・盗難または滅失などによりなくしてしまったときは、すぐに、警察に届け出をしてください。その際、遺失物届出証明書等の交付を受け、14 日以内に再交付の申請をしてください。旅券、写真 1 枚（縦 4cm × 横 3cm、6 か月以内撮影）、遺失物届出証明書等を持参してください。また、毀損、汚損の場合は、その特別永住者証明書も持参してください。

**■入国・在留（滞在）手続きの相談
○出入国在留管理庁外国人在留総合インフォメーションセンター**

〒108-8255

東京都港区港南 5-5-30

Tel. 03-5796-7112

0570-013904

受付時間：月～金曜日（8:30～17:15）

<対応言語>

英語、中国語、韓国語、スペイン語等

○東京出入国在留管理局さいたま出張所

〒338-0002

さいたま市中央区下落合 5-12-1

さいたま第 2 法務総合庁舎 1 階

Tel. 048-851-9671

受付時間：土・日・休日を除く
（9:00～15:00）

<対応言語>

日本語

取扱業務：在留関係諸申請、在留資格認定証明書交付申請

○Pag nawala ang sertipikasyon ng Special Permanent Residence

Kung sakaling nawala o nanakaw ang inyong sertipiko ng special permanent residence, i-report lamang sa istasyon ng pulis. Bibigyan kayo ng kasulatan o pagpapatunay ng pagkawala o pagkanakaw. Dalahin ang kasulatang ito at mag-apply sa city hall sa loob ng 14 araw para ma-isuhan kayo ng panibangong sertipiko.

Gayundin kung ang inyong sertipiko ng special permanent residence ay nasira o nadisporma, dalahin lamang ang nasabing sertipiko.

Dalahin din ang pasaporte at 1 litrato (4cmx3cm na kuha sa loob ng 6 buwan).

Gayundin kung ang inyong sertipiko ng special permanent residence ay nasira o nadisporma, dalahin lamang ang nasabing sertipiko.

■Immigration Bureau at kunsultasyon sa pag-proseso ng Visa

○Immigration Services Agency, Foreign Residents' General Information Center:

〒108-8255

Kounan 5-5-30, Minato Ward, Tokyo

Tel. 03-5796-7112

0570-013904

Bukas: Lunes ~ Biernes 8:30~17:15

<Maaring magkunsulta sa wikang English, Chinese, Korean, Spanish>

○Tokyo Immigration Services Agency, Saitama Branch Office

〒338-0002

Saitama No.2 Houmusogochosha 1 Floor,

5-12-1, Shimoochiai, Chuo-ku, Saitama-shi

Tel. 048-851-9671

Oras ng tanggapan: Bukas sa regular na araw. Sarado tuwing Sabado, Linggo, at holidays 9:00~15:00.

<Nihonggo lamang>

Konsulta ukol sa mga patakaran sa pananatili sa Japan. Pag-proseso ng aplikasyon para sa Certificate of eligibility.

Rehistrasyon ng inyong Seal at iba pang mga Dokumento



印鑑登録・各種届出

日本では、サインではなく、自分の姓や名を彫った印を使います。印鑑登録は、あなたの印を、あなた個人のものとして公に証明するための登録制度です。また、印鑑登録証明書は自動車の登録、銀行口座の開設や住まいの賃貸契約など、重要書類を作る際に必要です。

■印鑑登録の方法

印鑑登録ができるのは、住民登録をしている 15 歳以上の人です。登録できる印は 1 人 1 個に限られ、8mm を超え 25mm までの正方形に収まるものです。文字は、住民票に記載されている氏名（通称・カタカナ表記含む）に限ります。日常的に使っている通称であっても、通称として住民票に記載されていない場合は使えません。カタカナ、アルファベットなど表記の仕方が違っても登録できません。印は専門店や文具店に注文して購入してください。登録する場合は、在留カードと登録する印を持参し、直接本人が申請してください。なお、在留の資格のない方や「短期滞在」の方は、印鑑登録をすることができませんのでご注意ください。

■マイナンバーカードの取得

住民登録している方に 12 ケタの番号が振られます。市役所などの手続きに必要な個人を特定する番号として利用しています。入国し住民登録をすると個人番号通知書が郵送されますので大事に保管管理してください。

Sa Japan, ang Inkan (Seal o Selyo) kung saan nakaukit sa selyo ang inyong pangalan (apelyedo) ang siyang ginagamit sa pagpirma sa mga dokumento sa halip na sulat kamay na pirma. Ang pagparehistro ng Inkan ay kailangan sa pagpapatunay na ito ay inyong totoong inkan o seal at ang sertifikasyong ito (Inkan Toroku Shomeisho) ay kailangan sa mga dokumentong kagaya ng pagparehistro ng sasakyan, pagbubukas ng bank account, kontrata sa pag-upa ng bahay at iba pa.

■Paraan ng pagparehistro ng Inkan o Seal

Para makapagparehistro ng inkan o seal, kayo ay dapat na nakarehistro bilang residente, may edad na 15 taong gulang at pataas. Isang inkan lamang ang maaring mai-rehistro kada tao. Ang imprinta sa loob ng maliit na kwadrado ng selyo ay dapat may sukat mula 8mm ~ 25mm.

Ang pangalang nakaukit sa seal ay dapat kaparehas sa nakarehistrong pangalan o sa inyong resident card (maging alyas o katakana character). Hindi ninyo magagamit ang palagiang ginagamit ninyong pangalan kung hindi ito nakalagay sa rehistro. Hindi rin puede kung mali ang letrang nakaukit (Alphabet o Katakana). Para makasigurado bumili kayo sa bilihan ng mga inkan, o magpagawa kayo sa mga stationery stores. Sa pagparehistro ng seal o inkan, dalhin ang inyong Resident Card sa munisipyo o city hall. Dapat ay kayo mismo ang mag-apply.

Kung hindi nakarehistro bilang residente o kaya maikling pananatili lamang ang inyong bisa, hindi kayo maaring magparehistro ng inyong seal o inkan.

■Pagkuha ng My Number Card

Isang 12-digit na numero ang itinalaga sa bawat rehistradong residente. Ang numerong ito ay gagamitin bilang pagkakalilanlan ng isang indibidwal para sa mga pamamaraan sa city hall at iba pang mga pampublikong tanggapan. Sa pagpasok sa Japan at pagrehistro bilang isang residente, isang abiso sa personal na numero ang ipapadala sa iyo, kaya mangyaring isantabi lamang ito at huwag kaligtaan.

マイナンバーカードは、名前、生年月日、性別、住所、本人の顔写真、個人番号が記載されたカードで希望すれば無料で作成する事ができます。申請は、個人番号通知書の封筒内のマイナンバーカードの申請書が封入してありますので申請の手続きをしてください。受取りは市役所の窓口となります。令和8年6月14日から、在留カードや特別永住者証明書と一体化したマイナンバーカードが発行されます。詳しいことは入管にお問い合わせください。

◆問い合わせ

・ふじみ野市市民課市民係

Tel. 262-9018

日本に在留（滞在）中に、結婚、妊娠、出産したときは、次の届出が必要です。

■結婚

外国人と日本人との婚姻

・婚姻届

<外国人>

- ①旅券（パスポート：訳文付き）
- ②婚姻要件具備証明書（訳文付き）
- ③出生証明書（訳文付き）

国籍によって書類が異なりますので、必ずお問い合わせください。

<日本人>

本人が確認できるもの（マイナンバーカード、自動車運転免許証など）

◆問い合わせ

・ふじみ野市市民課戸籍係

Tel. 262-9019

Ang pag-apply sa My Number Card ay walang bayad. Nilalaman nito ang pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian, tirahan, larawan ng persona, at personal na numero. Sa pag-apply, mangyaring kumpletuhin ang pamamaraan ng aplikasyon para sa My Number Card na nakapaloob sa sobre ng abiso ng personal na numero. Maaari mong matanggap ang card sa counter ng tanggapan sa munisipyo. Simula Hunyo 14, 2026 ay ilalabas na ang My Number Cards, na pinagsama ang datos ng residence card o special permanent resident certificate. Para sa karagdagang detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa Immigration Bureau.

◆Katanungan:

・Shimin-kakari, Shimin-ka, Fujimino-shi
Tel. 262-9018

Kung kayo ay nagpakasal, nagdalantao, o nanganak samantalang nandirito kayo sa Japan dapat ninyong isumite ang mga rehistrasyones na kagaya ng mga sumusunod:

■Kasal

Pagpapakasal ng isang Hapones at isang Banyaga
Registration Form para sa Pagpapakasal

<Banyaga o Foreigner>

- ①Pasaporte, kalakip ang kopya na nakasalin sa Nihonggo
 - ②Sertipikasyon ng legal na kapasidad na magpakasal o ayon sa batas (may kopya na nakasalin sa Nihongo)
 - ③Sertifiko ng Kapanganakan (may kopya ng translation)
- Ang porma ng dokumento ay magkakaiba depende sa bansang pinanggalingan, magtanong sa tanggapan.

<Para sa mga Hapon>

Balidong identification card ng pagpapatunay (kagaya ng My Number Card, driver's license at iba pa)

◆Katanungan:

・Shimin-ka, Koseki-kakari, Fujimino-shi
Tel. 262-9019

■妊娠

妊娠をしたときは医療機関で妊娠の診断を受けましょう。その後妊娠届を提出すると「母子健康手帳」が交付され、産前・産後の母子の健康を維持する保健サービスが受けられます。この手帳は、母子の健診経過が記録されるほか、予防接種などを受けるときに必要です。保健サービスを受けるときには、必ずこの手帳を持参してください。

また、妊婦健康診査の際に使用する「妊婦健康診査助成券」、出産後に使用する「産婦健康診査助成券」、生まれた子が受ける「新生児聴覚検査助成券」「1 か月児健康診査助成券」も手帳と同時に交付されます。

○届出に必要なもの

- ・在留カード
- ・マイナンバーカード（持っている人）

◆問い合わせ

・ふじみ野市こども家庭センター
母子保健係

Tel. 293-9045

・ふじみ野市立大井子育て支援センター

Tel. 293-4062

■出産

赤ちゃんが生まれた日から 14 日以内に出生届を提出しなければなりません。

○届出に必要なもの

- ①出生届（出生証明書付き）
- ②母子健康手帳
- ③パスポート

子の父母ともに外国籍の場合は、婚姻証明書（訳文付き）も必要です。

■Pagbubuntis

Kung kayo ay nagdadalanta magpatingin sa doktor at pagkatapos ay pumunta ng city hall para i-rehistro ang pagbubuntis para makatanggap ng health handbook ng Ina at Sanggol (Boshitecho). Ang handbook na ito ay mahalaga para sa mga pang-kalusugang benepisyo at ito ay nagsisilbi ding talaan ng health check-ups ng ina at sanggol bago at pagkatapos ng panganganak. Kailangan din ang handbook para sa pagpapabakuna ng bata. Parating dalahin ito tuwing tatanggap ng pampublikong serbisyo sa kalusugan.

Sa pagtanggap ng health handbook ay kasabay na ibibigay ang libreng tiket para sa konsultasyon at mga pagsusuri ng kalusugan ng buntis, gayundin ang pagbibigay ng maternity health checkup subsidy ticket na gagamitin pagkatapos ng panganganak at subsidy ticket para sa pagsusuri ng pandinig ng bagong silang na sanggol.

Para sa mga may isang buwang gulang na sanggol ang health checkup subsidy voucher ay ibibigay din kasabay ng booklet ng health checkup.

○Kailangang dalhin sa pagrehistro

- ・Residence card
- ・My Number card (kung mayroon)

◆Katanungan :

・Boshihoken-kakari, Kodomo Katei Center, Fujimino-shi
Tel. 293-9045

・Fujimino city Oi Kosodate Shien Center
Tel. 293-4062

■Panganganak

Ang pagluluwal ng sanggol sa pamilya ay dapat irehistro sa loob ng 14 araw.

○Kailangang dokumento

- ①Sertipiko ng Kapanganakan, kalakip ang kopya ng translasyon sa Nihonggo
- ②Health Handbook ng Ina at Sanggol
- ③Pasaporte

Sertipikasyon ng Kasal, kailangang may kalakip na translasyon sa Nihonggo kung ang mga magulang ng bata ay parehong banyaga.

■子の国籍について

結婚している両親のどちらかが日本国籍を持っていれば、子は日本国籍を取得できます。しかし、結婚していない外国籍の母親と日本国籍の父親との間の子は、胎児認知をしていないと日本国籍を取得できません。妊娠中に子の父親に胎児認知をしてもらう必要があります。生まれてから日本国籍を取得するためには、法務局の「国籍取得証明書」の交付を受ける必要があります。取得にはかなり日数がかかります。

◆問い合わせ

・ふじみ野市市民課戸籍係

Tel. 262-9019

■Nasyonalidad ng Bata

Kung ang mga magulang ay rehistradong kasal at gayunman isa sa magulang ay Hapones ang nasyonalidad ng bata ay Hapones. Pero kung hindi kasal, at ang ina ay isang banyaga, kailangan ng pagpapatunay ng pagtanggap na ang sanggol na ibinubuntis ay anak ng naturang Hapones na ama habang ito ay ibinubuntis pa lamang, para ang bata ay mabigyan ng nasyonalidad na Hapones. Kung ang pagpatunay ay gagawin pagkapanganak, kailangan na ma-aprobahan ng Regional Legal Affairs Bureau para magkaroon ng nasyonalidad. Kailangan ang “sertipiko ng pagkakaroon ng nasyonalidad” galing sa Legal Affairs Bureau sa pag apply para sa nasyonalidad ng bata, lamang ito ay matagal na proseso

◆Katanungan:

・Koseki-kakari, Shimin-ka, Fujimino-shi

Tel. 262-9019

電話

■電話の取り付け

新しく電話を取り付けたい場合は、お近くの日本電信電話 株式会社 (NTT) の営業所へ申し込みます。

【新規加入について】

Tel. 116 (日本語)

NTT インフォメーション:

Tel. 0120-364-463 (英語)

■携帯電話

携帯電話会社によって、加入方法、使用料金などが異なりますので、確認のうえ加入してください。

電気

電力会社によって加入方法、使用料金等が異なりますので、確認のうえ、加入してください。

使用開始する場合も、使用を止める場合も、停電の場合も契約会社へ相談してください。

ガス

プロパンガスと都市ガスがあります。それぞれ使用する器具の装置が違います。プロパンガスは最寄りのプロパンガス販売店にお尋ねください。都市ガスは、ガス会社によって加入方法、料金等が異なりますので、確認のうえ、加入してください。

Telepono

■Pagpapakabit ng linya

Kung nais ninyong magpalagay ng landline telephone mag-apply lamang sa Nippon Telegraph And Telephone Corp. (NTT).

【Pagpapakabit ng bagong linya ng telepono】

Tumawag at mag-apply sa NTT. Tel. 116 (sa Nihongo)
NTT Information service Tel. 0120-364-463 (sa English)

■Mobile phones

Ang paraan ng pagpa-subskribo ng mobile phones ay depende sa kumpanya at iba-iba rin ang singil. Alamin maigi ang pamamaraan at pagbabayad bago lagdaan ang kontrata.

Kuryente

Ang pagpakabit ng kuryente, singil sa paggamit, at mga serbisyo ay iba-iba depende sa electric power company na inyong sasalihan. Alamin at siguraduhin bago pumasok sa kontrata.

Kung kayo ay nagnanais gumamit o ihinto ang paggamit ng kuryente, at sakali mang maputulan ng kuryente, makipag-ugnayan sa electric power company na inyong sinalihan.

Gas

May dalawang klase ng gas, (LPG)propane gas at city gas. Base sa gamit na gas, piliin ang nararapat. Kung gumagamit ng (LPG)propane gas, magtanong sa isang (LPG)propane gas shop. At kung gumagamit ng city gas, ang pagpakabit, singil sa paggamit, at mga serbisyo ay depende sa gas company na inyong sasalihan. Alamin at siguraduhin lamang bago pumasok sa kontrata.

水道

■使用を開始するとき

水道の使用を開始するときは、あらかじめ、水道サービスセンターまでご連絡ください。

■水道料金の支払い方法

水道料金は、メーターの検針をもとにその使用水量に応じ2か月毎に算出します。水道料金の支払いは、2か月毎の隔月となっています。

納入方法には、取扱金融機関及び郵便局の口座振替（隔月28日が引落日）の方法と、「水道料金・下水道使用料納入通知書」で、取扱金融機関及びコンビニエンスストア等で支払う方法があります。

■水道を止めるとき

今、お住まいの場所から引越しをするときは、水道サービスセンターまでご連絡ください。

◆問い合わせ

・ふじみ野市水道サービスセンター

Tel. 220-2077

受付時間：土・日・祝日・年末年始を除く 8:30～17:15

■漏水や修理を依頼したいとき

家庭の水道の修理については、指定給水装置工事業者に依頼してください。

なお、不明なときは下記へお問い合わせください。

◆問い合わせ

・ふじみ野市上下水道課水道施設係

Tel. 220-2078

Serbisyong Tubig

■Paggamit ng Tubig

Sinumang nagnanais gumamit ng serbisyong tubig, mangyari lamang na makipag-ugnayan sa Center ng serbisyo para sa tubig.

■Paraan ng Pagbabayad ng Serbisyong Tubig

Ang serbisyong tubig ay binabayaran ang paggamit sa loob ng kada dalawang buwan matapos ang inspeksyon ng metro. Maaaring magbayad sa mga sumusunod na paraan: Sa pamamagitan ng bank account transfer sa mga nakatalagang bangko sa syudad o sa account ng post office. (Tuwing ika-28 ng kada makalawang buwan) o kaya maari ding kayong magbayad ng direkta sa mga nakatalagang bangko ng syudad o munisipyo o kaya sa nakatalagang bangko sa loob ng city hall, o sa mga convenience stores, dala ang inyong resibo ng pagsisingil.

■Sa pagpapahinto ng serbisyong tubig

Kung kayo ay lilipat ng tirahan, kontakin lamang ang Serbisyo para sa Tubig.

◆Katanungan:

・Serbisyo para sa Tubig, Fujimino-shi

Tel. 220-2077

Bukas mula 8:30~17:15 (sarado ng Sabado, Linggo, Pista opisyal, katapusan at simula ng Bagong Taon)

■Kung ang may problema sa tubig o sa plumbing

Kung may problema sa tubig o sa plumbing, kontakin lamang ang nakatalagang taga-ayos. Kung hindi ninyo alam ang nakatalagang taga-ayos maaring magtanong sa:

◆Katanungan:

・Suidoshi setsu-kakari, Jogesuido-ka, Fujimino-shi

Tel. 220-2078

郵便局 (市内郵便局 P79 のとおり)

郵便局の業務は郵便業務と金融業務に分けられます。

○郵便業務

平日 9:00~17:00 (ただし、上福岡郵便局ゆうゆう窓口は 8:00~19:00、上福岡郵便局 (イオンタウンふじみ野内) は 10:00~18:00)

- ・ゆうゆう窓口 (上福岡郵便局のみ) 土曜日 8:00~18:00、日・休日 9:00~15:00

- ・国内便

定型のはがきは 85 円、定型の封筒 (横 9~12cm×縦 14~23.5cm×厚さ 0~1cm) は 50g まで 110 円

- ・国外便

宛先の国、封筒の大きさ、重さなどによって異なります。

- ・不在配達通知

不在時に書留郵便など直接手渡し郵便物があるときは、「不在配達通知書」が届きます。配達希望日を記入して郵便ポストに投函するか、郵便局の業務時間内に受け取りに行ってください。

◆問い合わせ

- ・上福岡郵便局郵便窓口

Tel. 0570-943-567

○金融業務

平日 9:00~16:00 (ただし、上福岡郵便局イオンタウンふじみ野内は 10:00~16:00)

郵便貯金の口座を開設するときは、在留カードと、印鑑 (サイン可) を持参してください。

◆問い合わせ

- ・上福岡郵便局貯金窓口

Tel. 0570-943-567

Post Office

Tingnan ang listahan ng mga sanggay ng post office sa syudad (p.79)

Ang post office ay may iba't ibang serbisyo, serbisyong pang-pinansyal at serbisyong postal.

○Serbisyong postal.

Regular na serbisyo : Lunes~Biyernes 9:00~17:00

(Maliban sa Kamifukuoka Post Office Yu Yu Madoguchi 8:00~19:00, Kamifukuoka Post Office (sa loob ng Aeon Town Fujimimo) 10:00~18:00)

- ・ Yu Yu Madoguchi (sa Kamifukuoka post office lang)

Sabado: 8:00~18:00,

Linggo at pista opisyal: 9:00~15:00

- ・ Serbisyong lokal ng koreo (Domestic mail)

Ang koreo sa mga karaniwang postcards ay ¥85. Ang standard size para sa mga sobrang may sukat na (9~12cm ang lapad, 14~23.5 cm ang haba, 0~1cm ang kapal) hanggang 50g ang bigat ay ¥110.

- ・ Sulat sa labas ng Bansa (international mail)

Ang koreo ay nagbabago depende kung saang bansa papunta, laki at bigat ng sulat.

- ・ Notisya ng Pagdadala

Isang abiso/notisya ng paghahatid ng registered mail o iba pang sulat ang iiwan sa iyong bahay kung kayo ay wala noong oras na iyon. Isulat kung kailan mo gustong tanggapin ang sulat at ihulog ito sa mailbox o pumunta sa post office at personal na kunin ito.

◆Katanungan:

- ・ Kamifukuoka Post Office counter para sa mails at parcels

Tel. 0570-943-567

○Serbisyong Pinansyal

Lunes ~ Biernes, 9:00~16:00

(Kamifukuoka Post Office Aeon Town Fujimino, 10:00~16:00)

Kung magbubukas ng savings account sa post office, dalhin ang inyong resident card at hanko (seal)

Maari ding pumirma kung wala kayong seal.

◆Katanungan:

- ・ Kamifukuoka Post Office counter para sa savings accounts

Tel. 0570-943-567

銀行

預金、送金、振り込み、公共料金の支払いができます。外国からの送金の受取り又は外国への送金もできます。口座の開設に必要な書類等は、各金融機関にお問い合わせください。

窓口・ＡＴＭ（自動支払機）は金融機関により利用時間が異なりますので、確認のうえ利用してください。

◆問い合わせ

- ・銀行とりひき相談所

Tel. 048-829-2151

受付時間：月～金曜日 9:00～17:00

住宅

■民間賃貸住宅

民間の賃貸住宅である貸家、アパートを探すときは、不動産業者（宅地建物取引業者）に仲介を依頼します。

契約時には、所得証明書、保証人または誓約書、印鑑登録証明書などが必要です。

借りるときに必要な経費は、家賃のほかに礼金、敷金、手数料が必要になる場合もあります。

◆問い合わせ

- ・埼玉県宅地建物取引業協会

Tel. 048-811-1818

受付時間：月・水・金曜日 10:00～12:00、13:00～15:00

- ・全日本不動産協会埼玉県本部

Tel. 048-866-5225

受付時間：月～金曜日 9:00～17:00

Mga Banko

Maaaring mag-impok, maglipat, magpadala o pagbayad ng mga serbisyong pampubliko. Maaari ring magpadala ng pera sa banko mula sa Japan patungo sa inyong bansa o mula sa ibang bansa papuntang Japan. Magtanong sa mga kinaukulan kung paano magbukas ng account at kung anu-anong mga kasulatan ang kailangang ipasa. Ang counter ・ ATM (Automatic Teller Machine) ay bukas sa mahabang oras subalit depende sa banko. Alamin ang detalye at kung paano ang paggamit.

◆Katanungan;

- ・ Ginko Torihiki Soudansho

Tel. 048-829-2151

Tanggapan ay bukas mula Lunes ~ Biyernes, 9:00~17:00

Mga Pabahay

■Mga Pribadong Paupahang Bahay

Kung naghahanap kayo ng paupahang bahay o apartment, magtanong sa isang real-estate agency. Kung may nakita at nagkasundo, kailangan ang Sertipikasyon ng kita o income, Guarantee o Kontrata, ang Inkan o Seal Registration Certificate at iba pa.

Kapag uupa ng bahay o apartment, ang karaniwang binabayaran ay ang mga sumusunod: Key Money (Reikin), Security (Shikikin), Upa (Yachin) at Handling Fee o Pagproseso (Tesuryo)

◆Katanungan:

- ・ Saitama-Pref. Land and Housing Transaction Association

Tel. 048-811-1818

Tanggapan ay bukas: Tuwing Lunes, Miyerkules at Biyernes 10:00~12:00, 13:00~15:00

- ・ All Japan Real Estate Association Saitama-ken headquarter

Tel. 048-866-5225

Tanggapan ay bukas: Tuwing Lunes~ Biyernes 9:00~17:00

■県営住宅・市営住宅

県営住宅や市営住宅は、定期的に入居者の募集を行います。詳しくは、下記へお問い合わせください。

◆問い合わせ

- ・県営住宅：埼玉県住宅供給公社
Tel. 048-829-2875
- ・市営住宅：ふじみ野市建築課
Tel. 262-9043

医療

■医院での一般的な診療手続き

- ①初めて診療を受ける場合は、受付で初診であることを伝えてください。健康保険証の提示を求められます。
- ②名前を呼ばれるまで待ちます。
- ③診察が終わったら、会計窓口で治療費を支払います。
- ④薬があればその場で渡されるか、医師の処方箋を持って調剤薬局で薬を受け取ります。
- ⑤2回目以降の診察は、受診カードを受付に出してから受診します。
- ⑥月が変わったり、保険証の種類が変わった場合は、保険証と受診カードの両方を受付に出します。

■Pampublikong Pabahay

Para sa pampublikong pabahay, ang pagtanggap ng aplikasyon ay may mga nakatakdang araw. Para sa karagdagang detalye, tumawag lamang sa :

◆Katanungan:

- ・Prefectural Housing : Saitama Prefecture Housing Public Corp.
Tel. 048-829-2875
- ・Municipal Housing : Kenchiku-ka, Fujimino-shi
Tel. 262-9043

Pagpunta sa Ospital o mga Klinika

■Karaniwang pamamalakad sa mga institusyong Medikal

- ① Sabihin kung unang punta, hihingin ang National Health Insurance Card.
- ② Hintaying matawag ang iyong pangalan.
- ③ Pagkatapos ng konsultasyon, magbayad sa account window.
- ④ Kung may kailangang gamot, ibibigay sa inyo o bibigyan kayo ng reseta at dadalhin sa nakatalagang botika.
- ⑤ Sa mga susunod na pagpunta, ipakita ang iyong Patient Identification Card para sa konsultasyon at pagpapagamot.
- ⑥ Kailangang dalahin ang inyong Health Insurance card at patient ID tuwing unang pagkunsulta sa buwang iyon o kaya kung nagbago ang inyong health insurance card.

ごみの出し方

■資源物・家庭ごみの正しい出し方

・お住まいの地域によって、収集日程が異なりますので、収集カレンダー等をご確認ください。決められたごみの出し方を守らないとごみは収集されず、近隣住民とのトラブルになります。

・集積所に出されているものを持ち去ることは犯罪になります。

※外国語版「家庭の資源物とごみの分け方・出し方BOOK」をご用意しています。(英語、中国語、韓国語、ポルトガル語、タイ語、タガログ語、ベトナム語、ネパール語)

収集日程や出し方の注意等の詳細については、そちらをご覧ください。各公共施設にて配布しています。

ふじみ野市 HP にも掲載していますのでご利用ください。

・資源物、家庭ごみは収集日の午前 8 時まで集積所に出してください。(収集時間は、その日のごみ量や交通事情、道路工事、天候などにより、一定の時間ではありませんのでご注意ください。)

5 カ国語 (英語・中国語・韓国語・ベトナム語・ネパール語) に対応したごみ分別アプリもありますのでご利用ください。ダウンロードは QR コードを読み取るか、「AppStore」または「google play」から「fujimino garbage」で検索してください。



「AppStore」



「google play」

Pagtapon ng Basura

■Wastong pagtatapon ng basura at mga pwedeng ma-recycle na basura

Ang tamang paghiwa-hiwalay ng basura at araw ng koleksyon ay may iskedyul depende sa inyong area o distrito. May taunang kalendaryo ng iskedyul ng pagtatapon ng mga klase ng basura. Alamin at siguraduhin ang klase ng basura sa naturang araw kundi ay hindi ito kokolektahin. Gayundin upang maiwasang magkaproblema sa mga kapitbahay.

・Ang pagpulot o pagkuha ng basurang nakalagay sa nakatalakdang lagayan ng basura ay isang krimen o paglabag sa batas.

※ Isinalin ang [Pampleta ng tamang pagtapon ng basura galing sa bahay at paghiwalay ng basurang maaring ma-recycle] sa iba pang mga wika (Ingles, Chinese, Korean, Portuguese, Thai, Tagalog, Vietnamese at Nepalese). Tingan lamang ang detalye para sa impormasyon tungkol sa araw ng pagkolekta, klase ng basura at iba pang dapat malaman. Maaring makakuha ng kopya sa mga pasilidad sa ating komunidad o sa munisipyo. Maaring ding matignan sa home page ng Fujimino City.

・Ilabas ang basurang pwedeng ma-recycle at nasusunog na basura sa nakatalagang lugar bandang alas 8:00 ng umaga sa nakatalagang araw ng koleksyon.

(Oras ng pagkolekta ng basura ay maaring maiba depende sa dami ng basura, trapiko, pag may konstruksyon o inaayos sa kalye, o kaya dahil sa panahon sa araw na iyon.)

May App(application) na gabay para sa tamang paghihiwalay ng basura na nakasalin sa 5 mga wika (English, Chinese, Korean, Vietnamese, Nepalese). Para mai-download ang app, i-scan lamang ang QR code o kaya ay i-search ang Fujimino Garbage sa “AppStore” o sa “Google play”.



「AppStore」



「google play」

◎収集地域

○A 地域

池上、上ノ原、亀久保 1601 番地以降、駒林、駒林元町 1・2 丁目、新駒林、水宮、滝、築地、鶴ヶ岡、仲、中ノ島、中福岡、中丸、長宮、西鶴ヶ岡、西原、花ノ木、福岡、福岡 1 丁目 4・5 番、福岡新田、松山、緑ヶ丘、本新田、谷田

○B 地域

旭、市沢、うれし野、大井、大原、上福岡 1 丁目、川崎、北野、清見、苗間 字街道西の一部地域(市道の南側)、苗間 226 以降、苗間 1 丁目、福岡 1 丁目(3 番～5 番除く)、福岡 2・3 丁目、元福岡

○C 地域

上野台、大井中央(1 丁目 3～10 番除く)、大井武蔵野、上福岡 2・3 丁目、亀久保 2・3 丁目、亀久保 4 丁目 2～4 番、亀久保 1130～1257、駒西、駒林元町 3・4 丁目、桜ヶ丘、新田、福岡 1 丁目 3 番、福岡中央、富士見台、南台 1 丁目

○D 地域

大井中央 1 丁目 3～10 番、霞ヶ丘、上福岡 4～6 丁目、亀久保 1・4 丁目(亀久保 4 丁目 2～4 番除く)、亀久保 643～678、鶴ヶ舞、苗間 字街道西の一部地域(市道の北側)、西、東久保、ふじみ野、福岡武蔵野、丸山、南台 2 丁目

◎収集品目 (カッコ内は排出方法)

○資源物 1

- ・びん(「色付き」「透明・白色」に分けて透明・半透明の袋に入れる)
- ・新聞紙(ひもでしばる)
- ・ダンボール(ひもでしばる)
- ・紙パック(ひもでしばる)
- ・布類(透明か半透明の袋に入れる)

◎Area/Distrto ng Koleksyon

○Distrto A

Ikegami, Uenohara, Kamekubo 1601 banchi at susunod ang Komabayashi, Komahayashi-motomachi 1- & 2-chome, Shin-komabayashi, Suigu, Taki, Tsukiji, Tsurugaoka, Naka, Nakanoshima, Nakafukuoka, Nakamaru, Nagamiya, Nishitsurugaoka, Nishihara, Hananoki, Fukuoka, Fukuoka 1-chome 4 & 5 ban, Fukuokashinden, Matsuyama, Midorigaoka, Motoshinden, Yata

○Distrto B

Asahi, Ichisawa, Ureshino, Oi, Ohara, Kamifukuoka 1-chome, Kawasaki, Kitano, Kiyomi, parteng A ng Azakaidou Nishi ng Naema (bandang south ng municipal road), Naema 226 at iba pang katabing purok, Naema 1-chome, Fukuoka 1-chome (except 3~5 ban), Fukuoka 2- & 3-chome, Motofukuoka

○Distrto C

Uenodai, Oichuo (maliban sa 1-chome 3~10 ban), Oimusashino, Kamifukuoka 2- & 3-chome, Kamekubo 2- & 3-chome, Kamekubo 4-chome 2~4 ban, Kamekubo 1130~1257-, Komanishi, Komahayashimotomachi 3- & 4-chome, Sakuragaoka, Shinden, Fukuoka 1-chome 3 ban, Fukuokachuo, Fujimidai, Minamidai 1-chome

○Distrto D

Oichuo 1-chome 3~10 ban, Kasumigaoka, Kamifukuoka 4~6-chome, Kamekubo 1- & 4-chome (maliban sa Kamekubo 4-chome 2~4 ban), Kamekubo 643~678, Tsurugamai, A part of Aza-kaidou nishi of Naema (bandang north ng municipal road), Nishi, Higashikubo, Fujimino, Fukuokamusashino, Maruyama, Minamidai 2-chome

◎Klase ng Basura

○Basurang maaring i-recycle (1)

- ・Bote: Ihiwalay ang mga boteng may kulay at walang kulay at ilagay sa magkaibang plastic bag na nakikita ang loob (transparent plastic bags).
- ・Dyaryo: pagsamasamahin at talian ng lubid o pantalì
- ・Kahon : pagsamasamahin at talian ng pantalì
- ・Karton ng Gatas: pagsamasamahin at talian ng pantalì
- ・Tela at mga damit: ilagay sa plastic bag na malinaw o nakikita ang loob

☆出し方の注意

- ・びんはキャップをはずし、中を空にして水洗いをする。
- ・紙類は、種類ごとにひもでしばってください。

○資源物 2

- ・飲み物のかん(専用収集ネット<深緑>)
- ・ペットボトル(専用収集ネット<黄緑>)
- ・雑誌、雑がみ(ひもでしばるか紙袋に入れる)

☆出し方の注意

- ・飲み物のかんは中を水洗いし、アルミかんは潰し、スチールかんは潰さずに深緑の専用の収集ネットに入れる。
- ・ペットボトルはキャップをはずし、ラベルをはがし、中を水洗いし、潰して黄緑の専用収集ネットに入れる。

※ネットがない場合はふじみ野市役所 2 階にある環境課または支所・出張所・環境センターにとりにきてください。

- ・飲み物のかん、ペットボトルはレジ袋での排出は禁止です。
- ・小さな紙は紙袋に入れて出すか、雑誌の中に挟んで出してください。

○容器包装プラスチック類(透明か半透明の袋)

- ・ プラマークのある品目<シャンプーなどのボトル、たまごのパック、弁当や発泡トレイ、ペットボトルのキャップやラベル、詰め替え用の容器等>

☆出し方の注意

- ・容器の中を空にしてから、軽くゆすいで出してください。
- ・どうしても汚れの落ちないものはもやすごみの日に出してください。

☆Dapat gawin bago ilabas sa lagayan ng basura

- ・ Bote: itapon ang natitirang laman at hugasan, alisin din ang takip
- ・ Papel: Pagsamasamahin ang parehas na klase at talian ng pantali

○Basurang maaring i-recycle (2)

- ・ Lata ng inumin : ilagay sa lagayang net (dark green ang kulay)
- ・ PET Bottles: ilagay sa lagayang net (yellow green ang kulay)
- ・ Magasin, mga papel : pagsamasamahin, talian o ilagay sa supot na gawa sa papel o paper bag.

☆Dapat gawin bago ilabas sa lagayan ng basura

- ・ Lata ng Inumin: itapon ang natitirang laman at hugasan. Pitpitin kung aluminum at ilagay sa dark green na lagayang net. Ang steel na lata ay hindi na kailangang pitpitin ilagay na lamang sa parehas na net.
- ・ PET bottles: ibuklod ang plastic na takip at plastic na label, itapon kung may natitirang laman at hugasan. Pitpitin at ilagay sa yellow green na lagayang net para sa basurang mga pet bottles.

※ Kung walang net, pumunta at kuhanin sa Fujimino city hall, 2nd Flr. Kankyo-ka o sa iba pang branch office o sa Kankyo center.

- ・ Huwag ilagay sa plastic bag ang mga lata at pet bottles
- ・ Mga maliliit na pirasong papel : ilagay sa paper bag o isingit sa mga naka bundle na mga magasin .

○Plastics na gamit na pambalot o packaging

(Ilagay sa nakikita ang loob na plastic bag o transparent plastic bag)



marka sa mga plastics

- ・ Plastic na pambalot o plastic labels na kagaya nang sa shampoo bottles, plastic box na lagayan ng itlog, lunch boxes, Styrofoam trays, takip at labels ng bote, iba pang plastic trays – Ilagay ang mga ito sa plastic bag na nakikita ang loob o transparent plastic bag.

☆Dapat gawin bago ilabas sa lagayan ng basura

- ・ Alisin at itapon ang natitirang laman saka hugasan
- ・ Kung hindi maalis ang dumi kahit hugasan, isama sa basurang nasusunog at ilabas sa takdang araw para sa basurang nasusunog.

○容器包装以外のプラスチック類

(透明か半透明の袋、そのまま)

- ・  プラマークのないもの
- ・ ポリバケツ、ポリタンク、レジャーシート、プランター(プラスチック製)、衣装ケース(プラスチック製)、ピンチ付ハンガー、CD、DVD、ビデオテープ等

☆出し方の注意

- ・ ビデオテープ類は、リサイクル工程が異なるため、他の容器包装以外のプラスチックとは別の袋に入れて出してください。

○もやさないごみ・有害ごみ

(透明か半透明袋、そのまま)

※最長辺が 50cm 未満のもののみはもやさないごみです。50cm 以上のものは粗大ごみとなります。

- ・ 小型家電製品・なべ等
 - 〈ストーブ、トースター、ドライヤー、なべ、フライパン等〉
 - ・ 飲み物以外のかん
 - 〈かん詰めのかん、ミルクのかん、クッキーのかん、お茶かん等〉
 - ・ 陶器、ガラス、刃物等
 - 〈陶器製のもの、ガラス製のもの、包丁、カッター等〉
 - ・ 乾電池、ボタン電池、リチウムイオン電池等
 - ・ 蛍光管、電球、水銀体温計、鏡、ライター、スプレーかん、携帯ガスボンベ等
- ☆出し方の注意
- ・ ペンキやオイル等のかんは、必ず中身を使い切ってください。
 - ・ 割れ物、刃物は袋に入れ、「危険」と明記してください。また、刃の部分は紙で巻いてください。
 - ・ 電池類は指定の乾電池袋か、透明・半透明の袋に入れて、紙などに「電池・バッテリーあり」と書いてください。
 - ・ スプレーかん等は、必ず使い切ってください。

○Iba pang mga Plastics na hindi gamit sa packaging

(Ilagay sa plastic bag na nakikita ang loob o transparent bag, o ilabas na hindi nakalagay sa plastic bag)

 walang marka ng plastic

- ・ Mga plastics na hindi gamit sa packaging o pambalot kagaya ng plastik na balde, polyethylene tank, leisure sheets (ginagamit sa picnics) plastics na lagayan ng tanim, plastic case na lagayan ng damit, plastic hangers, CD, DVD, video tapes at iba pa : maaring ilagay sa plastic bag na nakikita ang loob o kaya maari ding ilabas na hindi nakasupot o nakabalot

☆Dapat gawin bago ilabas sa lagayan ng basura

Ang mga video tapes at katulad na plastics ay ibukod at ilagay sa ibang supot dahil ang pag-recycle nito ay iba kaysa sa iba pang mga plastics na gamit sa packaging.

○Hindi sinusunog na Basura・delikadong basura

(Ilagay sa plastic bag na nakikita ang loob o transparent bag, o ilabas na hindi nakalagay sa plastic bag)

※ Basura na may haba na hanggang 50cm ay maaring isabay sa mga hindi sinusunog na basura pero kung ito ay mahigit 50cm isasama ito sa malakihang basura.

- ・ Maliit na electric appliances kagaya ng electric pans, stoves, toasters, dryers, pots/kaldero, kawali, atbp.
- ・ Lata, (maliban sa lata ng inumin), lata ng gatas, cookies, pagkain, atbp.
- ・ Pottery, Glass, Cutlery, atbp. Gamit na gawa sa ceramic, glassware, kutsilyo na gamit sa kusina, gunting, at iba pa.
- ・ Dry cell batteries, Button cells, lithium-ion batteries at iba pa.
- ・ Bombilya, Fluorescent tubes, electric bulbs, mercury thermometer, salamin, lighter, spray can, portable gas cylinder, at iba pa.

☆Dapat gawin bago ilabas sa lagayan ng basura

- ・ Lata ng pang pinta at oils : gamitin ang lahat na lamang pinta o oils hanggang maubos. Ang basurang lata ay dapat walang laman.
- ・ Nabasag na gamit at kutsilyo o matatalim na bagay: balutin ang dulo o parteng makakasugat at ilagay sa supot. Lagyan din ng papel na may nakasulat na ito ay delikado at kung ano ang laman.
- ・ Ilagay ang mga batteries sa itinalagang plastic bag para sa batteries o sa isang plastic bag na malinaw o nakikita ang loob at lagyan ng papel na may markang "mga batteries".
- ・ Spray cans: gamitin hanggang maubos

○粗大ごみ

(ひもでしばる、そのまま)

※最長辺が 30cm 以上のもえる素材のもの。また、50cm 以上のもえない素材のものが粗大ごみです。

・大型家電製品<こたつ、電子レンジ等>

・大型家具<タンス、テーブル、イス等>

・その他<布団、ゴルフバッグ、ベビーカー等>

・有料品目 <マットレス (スプリング入り)、折り畳みベッド、マッサージチェア、座いす、ソファ、オルガン、電子ピアノ、電動機付健康器具、自動車専用キャリアボックス、自転車、畳>

・有料品目は、納付券を購入・貼付の上、粗大ごみ収集日の午前 8 時までに集積所に出してください。

納付券はふじみ野市役所 2 階にある環境課や一部のコンビニエンスストア等で購入できます。詳しくはふじみ野市環境課 (Tel. 262-9022) に電話してください。

☆出し方の注意

・一度にたくさん出さずに、分けて出してください。

・まだ使えそうな家具は分解せずに「リサイクル家具」と明記して出してください。

・壊れている大型家具は、できるだけ小さく分解し、交通の支障にならないように出してください。ごみか判断がつかなくなるため、確実に集積所に収めてください。

○もやすごみ

(透明か半透明の袋)

※最長辺が 30cm 未満のものがもやすごみです。30cm 以上のものは粗大ごみとなります。

・生ごみ、食用油、くつ、ゴム製品、紙おむつ、クッション、ぬいぐるみ、小枝、落ち葉等

○Malalaking Basura (maaring talian o maari ding ilabas na lang na walang tali o ano man)

※Ang malalaking basura ay ang mga maaring masunog na mga kagamitang basura na may haba na 30cm o kaya hindi nasusunog na kagamitang basura na may haba na 50cm .

・ Malaking electric appliance kagaya ng *kotatsu*, microwave oven, at iba pa.

・ Malalaking kagamitan sa bahay kagaya ng lagayan ng mga damit o chest of drawers, lamesa, upuan, at iba pa.

・ Iba pang kagamitan kagaya ng *futon*, golf bag, baby stroller, at iba pa.

・ May bayad ang pagkolekta ng mga basurang kagamitan kagaya ng mattress (may spring) folding bed, massage chair, sofa, mga upuan, electronic piano, health equipment na de kuryente, roof racks (gamit sa sasakyan), bicycle, tatami mat

・ Para sa pagpahakot ng basurang may bayad bumili ng akmang ticket at idikit ito sa naturang basura at ilagay sa takdang lagayan ng mga basura sa araw ng koleksyon para sa malalaking basura bago o hanggang 8:00 sa umaga.

Mabibili ang tickets sa Fujimino city hall, 2nd Flr. Kankyo-ka o sa mga convenience stores. Para sa detalye tumawag sa Fujimino city hall, Kankyo-ka (Tel.262-9022).

☆Dapat gawin bago ilabas sa lagayan ng basura

・ Huwag ilabas ng minsanan ang malalaking basura. Hati-hatiin o unti-untiin ang paglalabas o pagtatapon.

・ Lagyan din ng memo o sulat kung maaring ma-recycle o “for recycle” ang itatapong kagamitan.

・ Kung sira ang malaking kagamitan o kagayang gamit, pira-pirasuhin ito o kung maaring baklasin para hindi mahirap ang paghahakot at hindi makaabala sa trapiko. Ilagay sa tamang paraan para malamang ito ay basura.

○Sinusunog na Basura (Ilagay sa plastic bag na nakikita ang loob o Transparent plastic bag)

※Sinusunog na mga basura ay hanggang 30cm at kung ito ay lalagpas sa 30cm , ito ay isasama sa malakihang mga basura.

・ Basura galing sa kusina kagaya ng gamit na mantika, sapatos, mga gamit na gawa sa goma, dinumihang diapers, cushion, stuffed toys, pinutol na mga sanga ng kahoy at mga dahon, at iba pa.

☆出し方の注意

- ・生ごみ等はよく水を切ってください。
- ・紙おむつの汚物は取り除いてください。
- ・もやすごみの中に資源物を入れないでください。

◎市で処分できないごみ

(集積所に出せないごみ)

○テレビ、冷蔵庫(冷凍庫)、洗濯機(乾燥機)、エアコン、パソコン、バイク、タイヤ、ホイール、燃料(ガソリン、灯油等)、モーター、バンパー、マフラー等の車両関係製品、仏壇、耐火金庫、パチンコ台、スロット台、浴槽、風呂釜、ピアノ、業務用電気製品、薬品、注射などの医療器具、太い丸太や根っこ、洗面台、流し台、建築資材、土、石、セメント、ブロック、消火器、バッテリー等

上記のものについてはふじみ野市環境課 (Tel. 262-9022) に電話してください。

○引越しなどで一時的に多量にごみが出る時

※処分方法をご説明しますので、環境課までご連絡ください。

◆問い合わせ

・ふじみ野市環境課廃棄物対策係
Tel. 262-9022

自治組織

自治組織(町会・自治会・町内会)は、安全・安心な住みよい地域づくりを目指し、防災面だけではなく、防犯、環境美化、福祉、教育など、さまざまな分野で活動を展開しています。

◆問い合わせ

・ふじみ野市協働推進課
Tel. 262-9016

☆Dapat gawin bago ilabas sa lagayan ng basura

- ・Tuyuin ang basurang galing sa kusina
- ・Alisin ang dumi sa diapers bago ilagay sa basura
- ・Huwag isama sa mga sinusunog na basura ang mga gamit na pwedeng ma-recycle.

◎Basurang hindi kinokolekta ng syudad (basurang Ohindi dapat ilabas sa lagayan ng basura)

Telebisyon, refrigerator (freezer), washing machine (na may drying machine), air conditioner, personal computer, motor cycle, tires, gulonng, gasolina at iba pang liquid fuel, parts ng sasakyan kagaya ng motor, bumper, muffler, ibtp., Buddhist altar, fire-proof safe, pachinko, slot machine, bathtub, bath boiler, piano, electric appliances na gamit sa business, pharmaceuticals, medical, ibtp., pinutol na puno, washstand, drain board, building materials, lupa, bato, cements, blocks, fire extinguisher, battery at iba pa.

Para sa mga basurang hindi kinukolekta ng syudad katulad ng mga nabanggit, tumawag lamang para sa detalye sa Fujimino city hall, kankyo-ka (Tel. 262-9022).

○Kung kayo ay maglilipat ng tirahan, unti-unti ang pagtatapon ng basura.

※ Para sa detalyeng impormasyon sa pagtapon ng maramihang basura dahil sa paglilipat ng tirahan tumawag lamang sa Kankyo-ka.

◆Katanungan

・Haikibutsutaisaku-kakari, Kankyo-ka, Fujimino-shi
Tel. 262-9022

Konsehal ng Bayan, Asosasyon ng komunidadat Asosasyon ng magkakapitbahay (Chokai, Jichikai, Chonaikai)

Ang mga mamamayan at mga opisyal ng bayan ay nagkakaisa upang magkaroon ng tahimik at mapayapang pamumuhay ang mga residente gayun din para maiwasan ang paglaganap ng krimen, pagpapanatili ng kagandahan at kalinisan ng kalikasan at kapaligiran, mabuting edukasyon, at iba pang mga aktibidades tungo sa magandang kapakanan ng publiko.

◆Katanungan

・Kyodosuishin-ka, Fujimino-shi
Tel. 262-9016

Mga Batas Trapiko



交通

歩道、車道の区別の無い道路は、歩行者は右側通行、歩行者以外は左側通行が原則です。

■歩行者

原則として歩行者は道路の右側（歩道）を歩きます。

- ①道路を渡るときは、横断歩道や歩道橋などを渡ってください。
- ②信号機がある場合は、必ず「青色」になってから周囲の安全を確認して横断してください。「右、左、右の順で確認」
- ③車の直前・直後や、斜め横断をしてはいけません。

■自転車

自転車は車道の左側を通行するのが原則です。

- ①原則として二人乗りは禁止です。
- ②傘をさしたり、物を持つての片手運転は禁止です。
- ③ブレーキやライトが故障している自転車には乗らないでください。
- ④他の自転車と並んで話しながら走ったり、ジグザグ運転はしないでください。
- ⑤信号は必ず守ってください。
- ⑥交差点では必ず一時停止しましょう。
- ⑦携帯電話をかけながらの運転はやめてください。
- ⑧自転車の防犯登録を必ずしましょう。(自転車販売店に問い合わせてください)

Ayon sa batas trapiko, ang mga taong naglalakad ay dapat nasa kanang bahagi ng daan kung walang hiwalay na daanan at ang mga sasakyan ay sa kaliwang bahagi.

■Mga Taong Naglalakad

Ayon sa batas, ang mga taong naglalakad ay dapat nasa kanang bahagi ng daan.

- ①Gamitin ang crosswalk o pedestrian bridge kapag tumatawid sa daan.
- ②Kung meron signal trapiko, tiyaking berde ang ilaw bago tumawid. "Tumingin sa kanan at kaliwa bago tumawid."
- ③Huwag tumawid kaagad bago o pagkatapos dumaan ang isang sasakyan.

■Mga Bisekleta

Ayon sa batas, ang mga bisekleta ay dapat nasa kaliwang bahagi ng daan.

- ①Gayundin, hindi maaaring dalawang tao ang nakasakay sa isang bisekleta.
- ②Huwag sumakay sa bisekleta na may hawak na payong o ano pa man sa isang kamay.
- ③Huwag sumakay o gamitin ang bisekleta na ang preno o ilaw ay may sira.
- ④Huwag makisabay sa ibang bisekleta o maki-pagkuwentuhan o kaya pagpapatakbo ng pa-zig zag.
- ⑤Laging sumunod sa batas trapiko.
- ⑥Laging huminto sa mga tawiran.
- ⑦Huwag makipag-usap sa cellphone habang nagbibisekleta.
- ⑧Para sa seguridad, irehistro ang iyong bisekleta. (Magtanong sa mga tindahan ng bisekleta).

自転車の運転も法律に違反したときは罰則が適用されます。駅周辺に自転車を停めておくと撤去される場合があります。駐輪場に停めましょう。

■自動車

必ず交通ルールを守り、事故を起こさないよう慎重に運転してください。

- ①自動車は、道路の左側を通行しなければなりません。
- ②交通法規・信号・道路標識は必ず守りましょう。
- ③酒を飲んだら絶対に自動車を運転してはいけません。
- ④スピードを出し過ぎないようにしましょう。
- ⑤横断歩道で、横断しようとしている歩行者がいたら、必ず止まって先に通してあげましょう。
- ⑥無理な追越しや割り込みをしないで、常に周囲の安全を確認しましょう。
- ⑦緊急自動車（救急車・消防自動車・パトカー等）が近付いてきたときは、道路を譲らなければなりません。
- ⑧一時停止の標識のある交差点や、「止まれ」の標示、停止線が描かれているところでは、必ず一時停止を実行し左右を確認してから発進しましょう。一時停止の標識のない交差点でも、一時停止又は徐行運転で十分安全確認しましょう。
- ⑨自動車検査登録義務：日本では、自動車の検査登録制度が設けられています。検査に合格し、登録された自動車でなければ道路を走ることとはできません。

◆問い合わせ

・所沢自動車検査登録事務所
所沢市牛沼字下原元 688-1
Tel. 050-5540-2029

